

BALITA

ANG IYONG PARTNER SA KALUSUGAN

TAG-INIT 2024

Sa Isyung Ito:

- Mga Karapatan at Responsibilidad ng Miyembro **Pahina 3**
- Portal ng Miyembro ng Partnership: Mga Sagot na Abot-kamay Mo **Pahina 3**
- “Mo' Equity kay Dr. Moe” – Mga Pagbisita para sa Kapakanan ng Bata **Pahina 4**
- Handbook ng Miyembro ng Partnership **Pahina 5**
- Kumperensiya ng Insure the Uninsured Project: Kuwento ng Isang Miyembro **Pahina 5**



Sumali sa Consumer Advisory Committee ng Partnership

Sino Kami

Ang Komite sa Pagpapayo sa Consumer (Consumer Advisory Committee, CAC) ng Partnership ay isang grupo ng mga miyembro ng Partnership na nagpupulong upang talakayin kung paano mapapangalagaan ng Partnership ang mga miyembro at kanilang mga pangangailangan. Nagkikita ang CAC nang apat na beses sa isang taon at bukas ang lahat ng pulong sa publiko.

Ano ang Ginagawa Namin

Hinihingi ng Partnership ang opinyon ng mga miyembro ng CAC sa lahat

ng uri ng mga bagay, tulad ng impormasyon para sa website o mga materyal para sa mga sulat. Tinatalakay nila ang anumang isyu sa content at nagbabahagi sila ng mga ideya tungkol sa kung paano pinakamahusay na mapaglilingkuran ang mga miyembro ng Partnership. Ginagabayan ng mga ideya at pananaw ng CAC ang mga serbisyo ng Partnership.

Sino ang Puwedeng Sumali?

Lahat ng miyembro ng Partnership at (o) magulang/tagapangalaga ng mga miyembro. Tinatanggap namin ang mga tao mula sa lahat ng pinagmulan.

Ipinagpatuloy sa Pahina 3

TAG-INIT 2024

- Pagprotekta sa Iyong Anak Mula sa Pagkalason sa Lead **Pahina 6**
- Medi-Cal Rx: Benepisyong sa Botika **Pahina 7**
- Mga Serbisyo sa Miyembro ng Partnership **Pahina 7**
- Makakuha ng Mga Rekord ng Bakuna Online **Pahina 7**
- Programa ng Partnership na Mga Serbisyo ng Paghahatid ng Medikal na Kagamitan (PMEDS) **Pahina 8**
- Ano ang Benepisyong Enhanced Care Management (ECM)? **Pahina 8**
- Impormasyon Tungkol sa Mga Doktor sa Partnership **Pahina 9**
- Kapana-panabik na Balita: Live na Ngayon Ang Mga Alerto sa Text ng Transportasyon! **Pahina 9**
- Gusto Naming Malaman ang Opinyon Mo **Pahina 10**
- “Benepisyong sa Medikal na Gamot” ng Partnership **Pahina 11**
- Recipe: Spicy Ranch Chopped Chicken Cabbage Salad **Pahina 11**
- Pagtulong sa Mga Miyembro na Pamahalaan ang Mga Malubhang Karamdaman **Pahina 12**
- Pagsusuri sa Kanser sa Cervix **Pahina 12**
- Mga Video sa Edukasyong Pangkalusugan **Pahina 13**
- Bagong Programa sa Pangangalaga sa Diabetes ng TeleMed2U **Pahina 13**
- Panatiliing Malusog ang Ngiti ng Iyong Anak. Humingi ng Fluoride Varnish! **Pahina 14**
- Mayroon Ka Bang Iba Pang Saklaw Sa Kalusugan? **Pahina 15**
- Survey sa Karanasan ng Miyembro **Pahina 15**
- Ano ang Pagsasaayos ng Pangangalaga? **Pahina 16**
- Buwanang Pagpupulong sa Partnership **Pahina 16**
- Taunang Pahayag ng Pagsisiwalat **Pahina 16**
- Mga Serbisyo sa Transitional na Pangangalaga para sa mga Buntis na Babae **Pahina 17**
- Medi-Cal Managed Care Ombudsman **Pahina 17**
- Panatiliing Malusog ang Ngiti ng Iyong Anak. Humingi ng Fluoride Varnish! **Pahina 18**
- Nag-aalok ang Partnership ng Mga Serbisyo ng Interpreter at Pagsasalin **Pahina 18**
- Makakakuha na Ngayon ng Mga Serbisyo mula sa Dignity Health ang Mga Miyembro ng Partnership **Pahina 19**
- Ano ang Paunang Appointment sa Kalusugan? **Pahina 20**
- Mga Serbisyo sa Laboratoryo **Pahina 20**
- Mga Kinatawan ng Consumer ng Partnership **Pahina 21**
- Benepisyong Manggagawa ng Kalusugan sa Komunidad **Pahina 21**

Paano Sumali

Tumawag sa Departamento ng mga Serbisyo sa Miyembro ng Partnership sa **(800) 863-4155** Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa California Relay Service sa **(800) 735-2929** o tumawag sa **711**.

Maaari mo ring bisitahin ang aming website sa [PartnershipHP.org/Members/ Medi-Cal/Pages/CAC.aspx](http://PartnershipHP.org/Members/Medi-Cal/Pages/CAC.aspx).



I-scan ang QR code para sa higit pang impormasyon.

Mga Karapatan at Responsibilidad ng Miyembro

Alam mo ba ang iyong Mga Karapatan at Responsibilidad bilang Miyembro? Para sa kopya ng aming Pahayag ng Mga Karapatan at Responsibilidad, maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa **(800) 863-4155**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaari mo ring bisitahin ang aming website sa PartnershipHP.org/Members/Medi-Cal/Documents/Rights%20and%20Responsibilities/RandR%20statement%20TAGALOG.pdf. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa California Relay Service sa **(800) 735-2929** o tumawag sa **711**.

Pahayag sa Batas sa Pagkapribado

Iniaatas sa Partnership na panatilihin ang pagkapribado ng iyong impormasyong pangkalusugan. Kinakailangan naming ipaalam sa iyo ang aming mga legal na tungkulin at mga kasanayan sa pagkapribado kung saan nauugnay ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan.

Para sa kopya ng aming Abiso ng mga Gawi sa Pagkapribado, maaari mo kaming tawagan sa **(800) 863-4155**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. o bisitahin ang aming website sa Partnershiphp.org/MembersTagalog/Pages/Paunawa-tungkol-sa-mga-Patakarang-sa-Pagkapribado.aspx. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa California Relay Service sa **(800) 735-2929** o tumawag sa **711**. ♦

Portal ng Miyembro ng Partnership: Mga Sagot na Abot-kamay mo

Alam mo bang may online tool tayo para lang sa mga miyembro? Tinutulungan ng Portal ng Miyembro ang mga miyembro ng Partnership na makahanap ng impormasyon tungkol sa kanilang mga benepisyo. Maaari ka pa ring tumawag sa amin para sa tulong, at sasagutin namin ang iyong mga katanungan. Para magamit ang Portal ng Miyembro, ang kailangan mo lang gawin ay mag-sign up.

Kapag nag-sign in ka sa Portal ng Miyembro, maaari mong:

- Palitan ang iyong provider ng pangunahing pangangalaga
- Mag-order at mag-print ng iyong ID card
- Tingnan ang iyong kasaysayan ng gamot
- Tingnan ang iyong kasaysayan sa pag-claim
- Baguhin ang iyong address sa koreo

Para mag-sign up para sa Portal ng Miyembro, bumisita sa tl-member.PartnershipHP.org. Ang Portal ng Miyembro ay isang mahusay na tool na magagamit kapag gusto mo ng mga sagot sa iyong mga katanungan o kailangan mo ng tulong na manatiling malusog. Kung may mga tanong ka, tumawag sa amin sa **(800) 863-4155**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. ♦

Mo' Impormasyon ng Equity ni Dr. Moe



Mga Pagbisita para sa Kapakanan ng Bata: Ang Masayang "Kumperensiya ng Magulang at Guro" kasama ang Doktor ng iyong Anak

Ni Dr. Mohamed Jalloh

Nakakakuha ng maraming tawag mula sa doktor ang karamihan sa mga magulang tungkol sa kalusugan ng kanilang anak. Ngunit dahil abala ka sa pangangalaga sa iyong sarili at sa iyong pamilya, maaari ka lang pumunta sa doktor kapag may sakit ang iyong anak. Gayunpaman, may mahahalagang pagbisita na maaaring hindi alam ng mga magulang na maaaring maging isang magandang paraan upang makatipid sa mga pagbisita sa doktor sa hinaharap.

Ang mga appointment na ito ay mga pagbisita para sa kapakanan ng bata.

Pinapayuhang isagawa ang mga pagbisita para sa kapakanan ng bata dahil nagbibigay ito ng mga kinakailangang serbisyo, tulad ng mga bakuna sa trangkaso. Nagbibigay ng pagkakataon ang mga pagbisitang ito sa mga magulang na pag-usapan ang kalusugan ng kanilang anak at makatulong na matukoy o maiwasan ang mga bagay-bagay. Titingnan ng doktor ang timbang at taas ng iyong anak upang bigyan ang mga magulang ng

bahagyang pagtingin sa kung paano lumalaki ang kanilang mga anak kumpara sa iba pang bata. Maaari ding tanungin ng doktor ang iyong anak tungkol sa kung ano ang kanilang kinakain, kung gaano karaming oras ang kanilang pagtulog, ang kanilang mga gawi, estilo ng pagkatuto, at alamin ang lagay ng kalusugan ng isip nila. Magandang malaman ng doktor ang impormasyong ito upang makapagbigay ng plano sa paglaki na tumutugma sa mga pangangailangan ng iyong anak.

Kung minsan, kung saan ka nakatira, ang iyong lahi/etnisidad, kita, at insurance sa kalusugan ay maaaring bumuo ng malalaking puwang sa mga pagbisitang ito. Natuklasan ng isang pag-aaral noong 2022 na lumaki ang bilang ng mga pagbisita para sa kapakanan ng bata sa higit sa 60% sa nakalipas na 10 taon para sa karamihan ng mga grupo. Gayunpaman, hindi nakita ang parehong paglago sa maraming mga Black at Non-Hispanic White na mga bata na walang insurance. Ipinakita ng pananaliksik na nahihirapan ang ilang tao na pumunta sa mga pagbisitang ito dahil sa mga isyu sa transportasyon, mga hadlang sa wika, at kakulangan ng oras.

Sa Partnership, ginagawa namin ang aming papel upang matulungan kang madala ang iyong mga anak sa mga pagbisita para sa kapakanan ng bata. Mayroon kaming benepisyo sa transportasyon na maaaring makatulong sa mga pamilya na makarating sa at makauwi mula sa pagbisita ng iyong anak. Maaaring tawagan ng mga miyembro ang **(866) 828-2303** para magpa-book ng kanilang mga masasakyan. Gayundin, bilang bahagi ng Programa sa Magkasamang Paglago (Growing Together Program, GTP) ng Partnership, maaaring makakuha ang ilang magulang ng isang gift card para sa pagdadala ng kanilang mga anak sa kanilang mga pagbisita para sa kapakanan ng bata. Maaaring tumawag ang mga miyembro sa **(855) 798-8764** upang malaman ang higit pa tungkol sa GTP. Mayroon din kaming mga serbisyo sa pagsasalina na magagamit ng mga magulang upang makakuha sila ng impormasyon sa wika na pinakamadaling maunawaan para sa kanila.

Walang bayad sa mga miyembro ng Partnership ang lahat ng serbisyong ito. Sa Partnership, nasasabik kaming maging katuwang mo sa pagpapanatiling malusog ang iyong mga anak.

Opisyal ng pangkalusugang equity ng Partnership si Dr. Mohamed Jalloh. ♦



Handbook ng Miyembro ng Partnership

Ipinapaliwanag ng iyong Handbook ng Miyembro ang mga serbisyo at benepisyo na makukuha mo bilang miyembro ng Partnership HealthPlan of California. Ipinapaalam din nito sa iyo ang tungkol sa iyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng Partnership.

Ipinapaalam sa iyo ng iyong Handbook ng Miyembro ang mga sumusunod:

- Paano makakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at gamot
- Ano ang gagawin kapag kailangan mong makakuha ng mabilis na pangangalaga
- Paano namin sinusuri ang mga bagong teknolohiya, paggamot, gamot, device, at pamamaraan
- Ano ang mga limitasyon ng Partnership sa mga serbisyo
- Paano humingi ng pangalawang opinyon
- Paano maghain ng karaingan o apela

- Paano makakuha ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng pangunahing pangangalaga
- Paano makakuha ng impormasyon tungkol sa espesyal na pangangalaga at iba pang provider sa network ng Partnership
- Ano ang gagawin kung naglalakbay ka sa labas ng sineserbisyuhang lugar
- Ano ang gagawin kung kailangan mo ng tulong pagkatapos ng mga oras ng trabaho
- Paano humingi ng tulong sa iba pang wika
- Ano ang gagawin kung mayroon kang tanong tungkol sa isang claim
- Iba pang mahalagang impormasyon

Kung gusto mo ng print na kopya ng handbook, tawagan kami sa **(800) 863-4155**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaaring tawagan ng mga gumagamit ng TTY ang California Relay Service sa **(800) 735-2929** o tawagan ang **711**. Maaari mo ring i-scan ang QR code sa ibaba gamit ang camera ng iyong smartphone upang makita ang handbook o mahahanap mo ang handbook sa aming website sa pamamagitan ng pagbisita sa PartnershipHP.org/Members/Medi-Cal/Documents/MemberHandbook/MemberHandbookTAG.pdf. ♦



I-scan ang QR code para sa higit pang impormasyon.

Kumperensiya ng Insure the Uninsured Project: Kuwento ng Isang Miyembro

Ni Lulu Zhang

Tandaan: Ang miyembro ng Partnership na si Lulu Zhang ay miyembro ng aming Consumer Advisory Committee (CAC). Sinamahan niya at ng isa pang miyembro ng CAC ang tauhan ng Partnership at CEO na si Sonja Bjork sa kumperensiya ng Insure

the Uninsured Project (ITUP) sa Sacramento noong unang bahagi ng 2024.

Sa loob ng maraming taon, nakakarinig ako ng mga kuwento kung paanong sira ang ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan. Nawawalan na ako ng pag-asa sa sistema. Ngunit pumunta ako sa kumperensya ng ITUP at nakita kong may mga tao at grupong pinagtutulungan ang mga isyu sa equity sa kalusugan. Bilang miyembro ng Medi-Cal, nakakagaan sa loob na malaman ito.

Ang kumperensya ng ITUP ay nakatulong sa akin na makita ang halaga ng iba't ibang komunidad at ang kanilang mga karanasan sa buhay.

Si Mr. Traco Matthews, pinunong opisyal sa pangkalusugang equity sa Kern Health Systems, ay isa sa mga tagapagsalita. Nagsalita siya tungkol sa kung paano nagiging kapaki-pakinabang ang mga karanasan sa buhay tulad ng anumang iba pang uri ng data at kung paano ito maaaring makatulong na baguhin ang pangangalagang pangkalusugan para sa ikabubuti. Nagsalita ang isa pang tagapagsalita tungkol sa kung paanong ang mga isyu sa komunidad ay mas mahusay na malulutas ng mga namumuno ng pangangalagang pangkalusugan kapag nagsalita ang mga community of color para sa kanilang mga pangangailangan. Kapag ginagamit ng mga miyembro sa ating mga komunidad ang kanilang mga boses, maaari nating tiyaking makukuha ng lahat ang kailangan nila para maging malusog.

Mahalagang magsalita kapag hindi ka nakakakuha ng pangangalagang kailangan mo, o pakiramdam mong hindi ka pinapakinggan ng iyong mga provider ng pangangalagang pangkalusugan. Bilang mga pasyente at miyembro ng Medi-Cal, mayroon tayong mahalagang papel. Maaaring makatulong ang ating karanasan sa buhay sa ibang nangangailangan ng access sa murang pangangalagang pangkalusugan. Karapat-dapat ang lahat na mabuhay sa ating pinakamalusog na buhay.

Si Lulu Zhang ay isang miyembro ng Partnership at nagtapos sa kursong kasaysayan sa UC Davis. ♦

Pagprotekta sa Iyong Anak Mula sa Pagkalason sa Lead

Ni Dr. Teresa Frankovich



Nakakapinsala sa anumang edad ang pagkakalantad sa lead, at mas lalo pa sa maliliit na bata. Walang "ligtas" na antas ng pagkakalantad sa lead. Maaaring maging sanhi ng mga problema sa kalusugan ang kahit kaunting dami nito,

kabilang ang pinsala sa utak sa maliliit na bata.

Karamihan sa mga bata ay hindi nagpapakita ng mga maagang palatandaan pagkatapos nilang malantad sa lead. Ang pinakamahusay na paraan upang ihinto ang pagkalason sa lead ay ang maunawaan kung paano maiwasan ang lead, at mapasuri ang iyong mga anak para sa lead sa edad na 1 at 2 taong gulang. Maaaring masabi ng mabilisang pagsusuri sa pamamagitan ng pagdudot ng daliri ang dami ng lead sa dugo ng iyong anak at magagawa nitong maalerto ka kung nalantad sila sa lead.

Ang mga lumang bahay (bago ang 1978) ay madalas na may pinturang may halong lead. Habang naluluma at natutuklap ang pinturang ito, maaaring mapunta sa mga kamay at bibig ng maliliit na bata ang alikabok at ang pira-pirasong pintura na may lead. Natagpuan din ang lead sa mga lugar na maaaring hindi mo inaasahan, tulad ng mga bagay na kinakain, iniinom, at ginagamit natin sa ating mga tahanan. Ang ilan ay mula sa mga bansa na may iba't ibang mga patakaran o kaugalian sa paggamit ng lead sa mga produkto tulad ng palayok, mga item sa pagpapaganda, kagamitan sa pagluluto, at mga laruan. Halimbawa, natagpuan kamakailan ang mataas na antas ng lead sa ilang brand ng mga fruit pouch para sa mga bata, na ginawa sa Ecuador.

Ang magandang balita, maiiwasan natin ang pagkakalantad sa lead kapag alam natin kung saan

ito matatagpuan sa ating paligid. Makakatulong ang pagpapasuri sa ating mga anak sa 1 at 2 taong gulang na maiwasan ang mas mataas na antas ng pagkakalantad sa lead.

Upang matuto pa, bisitahin ang page ng Pag-iwas sa Lead ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng California para sa higit pang tip.

Si Dr. Teresa Frankovich ay isang medikal na direktor sa Partnership HealthPlan of California. ♦



I-scan ang QR code para sa higit pang impormasyon.

Medi-Cal Rx: Benepisyong sa Botika

Ang Medi-Cal ang iyong provider ng benepisyong sa botika, hindi ang Partnership HealthPlan of California. Ang benepisyong sa botika ng Medi-Cal ay tinatawag na Medi-Cal Rx. Ang Medi-Cal Rx ang nagpapasya kung aling mga gamot at kung gaano karami ang sasaklawin.

Maaaring mangailangan ka ng pag-apruba (Kahilingan sa Pahintulot sa Paggamot o Treatment Authorization Request, TAR) para masaklaw ang ilang gamot. Nakikipagtulungan sa Medi-Cal ang Medi-Cal Rx para suriin at aprubahan ang mga TAR. Kung hindi sakop ng Medi-Cal Rx ang iyong mga gamot, magpapadala ang iyong doktor o botika ng mga TAR sa supplier ng Medi-Cal Rx o customer service center ng Medi-Cal Rx.

Maaari kang tumawag sa customer service center ng Medi-Cal Rx anumang oras sa **(800) 977-2273**. Masasagot nila ang iyong mga tanong at malulutas ang anumang problema mo sa pagkuha ng iyong mga gamot sa botika. Kung may problema ka sa pag-abot sa customer service center ng Medi-Cal Rx o kailangan mo ng karagdagang tulong, mangyaring tawagan ang Partnership sa **(800) 863-4155**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. ♦

Mga Serbisyo sa Miyembro ng Partnership: (800) 863-4155

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong medikal na pangangalaga, mangyaring tawagan kami. Handa kaming tumulong mula Lunes – Biyernes, 8 a.m – 5 p.m. Matutulungan ka namin sa:

- Pangkalahatang impormasyon tungkol sa iyong mga medikal na benepisyong ng Medi-Cal
- Pagpili o pagpapalit ng iyong doktor o medikal na klinika
- Pagkuha ng bagong ID card ng Partnership
- Mga isyu sa medikal na bayarin
- Mga problema o reklamo tungkol sa iyong medikal na pangangalaga
- Pagkuha ng mga appointment
- Mga serbisyo ng interpreter
- Impormasyon tungkol sa iyong referral o paunang pahintulot
- Tulong sa transportasyon papunta sa mga appointment
- Mga tanong tungkol sa mga claim o halaga ng mga serbisyo ♦

Makakuha ng Mga Rekord ng Bakuna Online

Maaari ka na ngayong makakuha ng digital na kopya ng rekord ng bakuna mo o ng iyong anak. Binuksan sa publiko ng California ang portal ng Digital na Rekord ng Bakuna (Digital Vaccine Record, DVR). Bisitahin ang link sa ibaba para ma-access ang rekord ng bakuna ng iyong anak. ♦

<https://myvaccinerecord.cdph.ca.gov/>



Programa ng Partnership na Mga Serbisyo ng Paghahatid ng Medikal na Kagamitan (PMEDS)

Ikinalulugod na ibahagi ng Partnership HealthPlan of California na ang programa ng Partnership na Mga Serbisyo ng Paghahatid ng Medikal na Kagamitan (PMEDS) ay may **mga alarm sa enuresis** ngayon. Ang mga alarm sa enuresis ay dapat isuot ng iyong anak sa gabi para maiwasan niyang umihi sa kama. Sinasabi nito sa iyong anak kung kailangan na niyang pumunta sa banyo. Dapat isuot ng iyong anak ang alarm na ito tuwing gabi. Puwede na niyang itigil ang paggamit ng alarm kapag 14 na gabi na siyang hindi nakakaihi sa kama.

Maaaring makakuha ang mga miyembro ng Partnership ng medikal na kagamitan na tumutulong sa pag-monitor at pagkontrol ng mga medikal na kondisyon nang walang bayad. Itanong sa iyong doktor kung maaari kang makakuha ng kagamitan sa pamamagitan ng programang PMEDS. Kasama sa kagamitan ang:

- Mga monitor at cuff ng presyon ng dugo
- Mga humidifier (nagdaragdag ng halumigmig sa hangin)
- Mga nakakandadong kahon ng gamot (pinananatiling ligtas ang gamot)
- Mga nebulizer at mga bahaging backup
- Mga oximeter (sinusukat ang antas ng oxygen sa dugo)

- Mga timbangan (sinusukat ang timbang ng katawan)
- Mga digital thermometer (sinusukat ang temperatura ng katawan)
- Mga vaporizer (nagdaragdag ng halumigmig sa hangin)
- Mga espesyal na kasangkapan para sa mga miyembro na may malabong paningin
- Mga alarma sa Enuresis

Makipag-ugnayan sa iyong doktor para humiling ng kagamitan, matuto nang higit pa tungkol sa programang PMEDS, o alamin kung anong kagamitan ang iyong makukuha. Mangyaring sabihin sa iyong doktor kung wala kang address sa koreo. Makukuha mo ang kagamitan mula sa tanggapan o klinika ng iyong doktor. ♦

Ano ang Benepisyong Enhanced Care Management?

Ang Enhanced Care Management (ECM) ay isang benepisyo na nagbibigay ng dagdag na serbisyo sa mga miyembro na may mga kondisyong nagpapahirap sa kanilang maging malusog. Iniiugnay ng ECM ang mga miyembro sa isang tagapamahala ng pangangalaga na tutulong sa kanila na gumawa ng plano sa pangangalaga, magplano ng mga pagbisita sa kalusugan, mag-book ng mga masasakyan sa mga pagbisita, malaman ang tungkol sa kanilang mga paggamot, panatilihin ang napapanahon ang kaalaman ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kanilang mga pangangailangan sa pangangalaga, at iugnay sila sa mga lokal na mapagkukunan.

Tumawag sa Departamento sa Pagsasaayos ng Pangangalaga ng Partnership sa **(800) 809-1350**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa California Relay Services sa **(800) 735-2929** o tumawag sa **711**. Kung sa tingin mo may kakilala kang nangangailangan ng benepisyong ECM, maaari mo silang i-refer sa amin. ♦

Impormasyon Tungkol sa Mga Doktor sa Partnership

Ang Direktoryo ng Provider ay isang listahan ng mga klinika, doktor, at espesyalista na nakikipagkontrata sa Partnership. Mayroon ito ng mga sumusunod na impormasyon ng bawat provider:

- Pangalan, address, numero ng telepono
- Mga propesyonal na kwalipikasyon (kredensyal)
- Espesyalidad (kung saan sila eksperto)
- Paaralan ng medisina*
- (Mga) natapos na pagsasanay pagkatapos ng pag-aaral (Pagkakumpleto ng residency*)
- Katayuan ng sertipikasyon sa board

* Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga provider, kanilang pag-aaral o pagsasanay, pumunta sa website ng Medical Board of California sa www.mbc.ca.gov sa ilalim ng Paghahanap ng Lisensya o tumawag sa amin sa **(800) 863-4155**.

Maaari mong bisitahin ang aming online na Direktoryo ng Provider sa PartnershipHP.org/MembersTagalog/Pages/Direktoryo-ng-Provider.aspx, o sa pamamagitan ng pag-scan ng QR code sa ibaba gamit ang camera ng iyong smartphone. Puwede ka ring humingi ng print na kopya ng Direktoryo ng Provider sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa **(800) 863-4155**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaaring tawagan ng mga gumagamit ng TTY ang California Relay Service sa **(800) 735-2929** o tawagan ang **711**. ♦



I-scan ang QR code para sa higit pang impormasyon.

Kapana-panabik na Balita: Live na Ngayon Ang Mga Alerto sa Text ng Transportasyon!

Ikinalulugod naming ianunsiyo na ang aming bagong feature ng alerto sa text para sa mga biyahe ng transportasyon ay nagsimula noong Abril 10, 2024! Nagdadala ang feature na ito ng mga real-time na update at alerto diretso sa mga cell phone ng mga miyembro ng Partnership sa pamamagitan ng mensahe sa text. Ngayon mayroon kang isa pang paraan upang manatiling napapanahon sa iyong mga biyahe para sa mga saklaw na serbisyo.

Para sa Mga Miyembro: Ano ang Aasahan Mo?

Handa ka na ba sa mga update habang bumabiyaha? Narito ang maaaring abangan ng aming mga miyembro na pumipili ng mga alerto sa text:

- **Pagkumpirma ng Plano sa Paglalakbay:** Kapag nakumpirma na ang iyong plano sa paglalakbay sa Trip Scheduler, makakakuha ka ng mensaheng naglalaman ng lahat ng detalye at iskedyul ng biyahe.
- **Mga Paalala sa Biyahe:** Manatili sa tamang landas sa tulong ng mga paalala sa biyahe. Makakakuha ka ng dalawang paalala kapag papalapit na ang iyong biyahe – ang isa ay isang araw bago iyon at ang isa naman ay 2 oras bago ang oras ng pag-pick up. Ang mga mensaheng ito ay magsasama ng mga detalye ng biyahe upang matiyak na palagi kang handa para sa iyong pagsakay.

Kung nais mong makakuha ng mga update sa transportasyon, piliing makakuha ng mga alerto sa text sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento ng Transportasyon Lunes – Biyernes, 7 a.m. – 7 p.m. sa **(866) 828-2303**. ♦

Gusto Naming Malaman ang Opinyon Mo

Makakatulong sa iyo ang iyong mga benepisyo at serbisyo sa Partnership Medi-Cal para manatiling malusog. Gusto naming malaman kung mayroon kang anumang problema habang ginagamit ang iyong mga benepisyo o serbisyo. Maaari kang maghain ng apela kung tinanggihan, nilimitan, o inihinto ng Partnership ang isang benepisyo. Maaari kang maghain ng kaso ng karaingan o apela para saliksikin ang problema at susubukan naming ayusin ito. Ilan sa mga uri ng mga problema ay:

- Kung kailangan mong maghintay ng mahabang panahon para magpatingin sa doktor
- Kung tinanggihan ka sa mga serbisyo ng interpreter para magsalita sa wikang iyong pinili
- Kung hindi ka tinatrato nang maayos








Gusto naming magkaroon ka ng pinakamahusay na pangangalaga. Nakakatulong sa amin ang pagsasabi sa amin ng problema para mas mapabuti ang mga bagay para sa lahat ng miyembro. Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa **(800) 863-4155** para maghain ng kaso.

Webpage sa Karaingan at Mga Apela

May mga hakbang ang aming webpage para maghain ng karaingan, apela, o pagdinig ng estado sa wikang pipiliin mo. Maaari ka ring maghain ng kaso online. Narito ang makikita mo sa bawat seksyon sa webpage. ♦



I-scan ang QR code para sa higit pang impormasyon.

	<p>MAGHAIN NGAYON</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mag-sign in sa portal ng miyembro • Maghain ng kaso ng apela o karaingan online
	<p>SINO ANG MAAARING MAGHAIN</p> <ul style="list-style-type: none"> • Alamin kung sino ang maaaring maghain ng kaso • Alamin kung paano mo hihilingin sa ibang tao na ihain ang iyong kaso
	<p>MGA URI NG KASO</p> <ul style="list-style-type: none"> • Sinasabi sa iyo kung ano ang karaingan • Sinasabi sa iyo kung ano ang apela
	<p>ANO ANG DAPAT ASAHAN</p> <ul style="list-style-type: none"> • Sinasabi sa iyo kung paano gumagana ang karaingan at mga apela • Sinasabi sa iyo kung paano at kailan ka makakatanggap ng tugon mula sa amin
	<p>MGA TIMEFRAME</p> <ul style="list-style-type: none"> • Sinasabi sa iyo kung gaano katagal ang aabutin para magsaliksik ng kaso • Sinasabi sa iyo kung paano humingi ng mabilis na pagsusuri kung nasa panganib ang iyong kalusugan
	<p>PAANO MAGHAIN</p> <ul style="list-style-type: none"> • Ipinapakita sa iyo ang lahat ng paraan para sabihin sa amin ang tungkol sa problema • Gusto naming malaman ang opinyon mo
	<p>MGA PAGDINIG NG ESTADO</p> <ul style="list-style-type: none"> • Sinasabi sa iyo kung ano ang pagdinig ng estado • Sinasabi sa iyo kung paano maghain ng pagdinig ng estado

“Benepisyo sa Medikal na Gamot” ng Partnership

Malamang na nakukuha mo ang karamihan sa iyong mga iniresetang gamot sa isang botika. Maaaring nakukuha mo ang ilang gamot sa tanggapan ng iyong doktor o ospital. Saklaw ng benepisyo sa medikal na gamot ng Partnership HealthPlan of California ang mga gamot na nakukuha mo sa tanggapan ng doktor o ospital. Sinasaklaw ng Medi-Cal Rx ang mga gamot na nakukuha mo sa botika.

Nagpapasya ang Partnership kung aling mga gamot at kung gaano karami sa bawat gamot ang saklaw ng benepisyo sa medikal na gamot. Sinusuri ng Partnership ang Mga Kahilingan sa Pahintulot sa Paggamot para sa mga gamot na ito.

Kung mayroon kang anumang tanong o gusto ng kopya ng kung ano ang kailangan ng Partnership para masaklaw ang mga gamot na nakukuha mo sa tanggapan ng iyong doktor at ospital, mangyaring tawagan kami sa **(800) 863-4155**.

Makikita mo ang mga update at pagbabago sa benepisyo sa gamot sa botika at para sa therapy (Pharmacy & Therapeutics, P&T) sa webpage ng mga update sa benepisyo sa gamot. Ipo-post ang mga update nang 4 na beses bawat taon sa Partnershiphp.org/Providers/Pharmacy/Pages/PT-Formulary-Changes.aspx.

Makikita mo ang webpage ng mga listahan ng sinasaklaw na gamot ng Partnership sa Partnershiphp.org/Providers/Pharmacy/Pages/Formularies.aspx.

Sa page na ito, makikita mo ang: (1) Mga pagbabago sa mga gamot na kinukuha mo sa tanggapan ng iyong doktor, sa klinika o ospital; (2) listahan ng mga medikal na gamot na sinasaklaw ng Medi-Cal; at (3) mga listahan ng gamot na sinasaklaw ng Medi-Cal Rx ng Estado.

Makikita mo ang mga kahilingan sa pahintulot sa paggamot para sa parehong mga medikal na gamot ng Partnership at mga gamot sa botika ng Medi-Cal Rx sa Partnershiphp.org/Providers/Pharmacy/Pages/Prior-Authorization-Forms.aspx. ♦



Spicy Ranch Chopped Chicken Cabbage Salad

Manok

- 1 lb. na pitso o hita ng manok
- 2 kutsara ng olive oil
- 1 kutsara ng honey
- Juice mula sa 2 maliliit na lime
- 1 kutsarita ng chili powder
- 1 kutsarita ng cumin
- ½ kutsarita ng garlic powder
- ½ kutsarita ng paprika
- ⅛ kutsarita ng cayenne pepper
- ½ kutsarita ng asin
- pamintang durog

Pagsamahin ang lahat ng sangkap at i-marinate ang manok nang hindi bababa sa 30 minuto bago lutuin. I-bake o ihawin sa 165° na internal na temp. Hayaan itong lumamig, at hiwain.

Dressing

- ¾ tasa ng plain Greek yogurt
- 1 kutsarita ng garlic powder
- ¼ kutsarita ng onion powder
- 2 kutsarita ng sariwang lemon juice
- ¾ kutsarita ng pinatuyong dill o tinadtad na chives (opsyonal)
- ¼ kutsarita ng asin
- 2-4 na kutsara ng tubig
- 1-3 kutsarita ng Tapatío o iba pang paboritong hot sauce

(napag-alaman naming magandang maglagay ng 1 kutsarita...gamitin ang iyong paghuhusga)

Pagsamahin ang mga sangkap ng dressing. (Kamangha-mangha ang mga bagay na ito at mababa ang laman nitong carb/cal. Inirerekomenda ko ang paggawa ng sobra!)

Salad

- 6 na tasa ng manipis na hiwa ng berdeng repolyo
- ½ tasa ng diced na berdeng sibuyas
- ¾ na tasa ng diced na cilantro
- 1 tasa ng grated na karot
- 1 tinadtad na pulang bell pepper

Mga opsyonal na karagdagan:

- Avocado
- 1 jalapeño, seeded at diced
- ½ tasa ng inihaw na pepitas
- 1 ½ tasa ng mais (hilaw, pinutol mula sa cob, o pinalamig)

Pagsama-samahin ang salad at mag-enjoy! ♦



Pagtulong sa Mga Miyembro na Pamahalaan ang Mga Malubhang Karamdaman

Para sa lahat ng mga miyembro ng Medi-Cal ang mga pangunahing serbisyo sa pamamahala ng kalusugan ng populasyon. Nakakatulong ang mga ito sa mga miyembro na pamahalaan ang mga malubhang karamdaman. Nag-aalok ang Partnership ng tulong para sa mga miyembro na may hypertension, diabetes, hika, at depresyon.

Ang bawat programa ay sumusuporta sa relasyon ng miyembro sa kanilang doktor. Nagbibigay ang mga programa ng edukasyon sa kalusugan para matulungan ang mga miyembro na mapamahalaan ang kanilang malubhang karamdaman, mabawasan ang kanilang mga sintomas, at makipag-usap sa kanilang mga doktor tungkol sa kanilang mga alalahanin.

Tutulong ang bawat programa sa mga miyembro na matuto kung:

- Paano pamahalaan ang kanilang malubhang karamdaman
- Paano humiling at kumuha ng iniresetang gamot at gumamit ng mga medikal na device
- Paano maaaring mag-trigger ng mga sintomas ng malubhang karamdaman ang kanilang paligid

- Tungkol sa mga direktang suporta sa komunidad na nagtataguyod ng kagalingan at tumutulong sa pamamahala ng malubhang karamdaman

Para matuto pa tungkol sa mga serbisyong ito, tumawag sa Population Health sa **(855) 798-8764**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. ♦

Pagsusuri sa Kanser sa Cervix

Ni Dr. Colleen Townsend



Impeksyon sa virus ang HPV (human papillomavirus) na naipapasa ng isang tao sa isa pang tao habang nakikipagtalik. Magkakaroon ng HPV ang karamihan sa mga tao sa ilang punto sa kanilang buhay. Para sa karamihan ng mga

tao, nawawala nang kusa at hindi kailangang gamutin ang HPV. Maaaring manatili sa katawan at humantong sa kanser sa cervix ang ilang uri ng HPV.

Maaaring makatulong ang pagsusuri para sa HPV at kanser sa cervix na matukoy ang mga problema nang maaga, at bigyan ka ng higit pang pagpipilian para sa paggamot. Ang mga taong ipinanganak na may cervix na naging aktibo sa pakikipagtalik ay maaaring nasa panganib na magkaroon ng kanser sa cervix. Kabilang sa iba pang mga kadahilanan na nagpapataas ng panganib ng kanser sa cervix ang impeksyon sa HIV, paggamit ng pangkontrol sa pagbubuntis sa loob ng higit sa limang taon, at pagkakaroon ng maraming partner sa pakikipagtalik sa iyong buhay.

May dalawang pagsusuri na nakakatulong na mahanap ang kanser sa cervix:

- Ang Pap test ay naghahanap ng mga palatandaan ng virus na maaaring maging sanhi ng kanser sa cervix kung hindi magamot

- Ang HPV test ay naghahanap ng virus na nagdudulot ng mga pagbabago sa cervix

Karamihan sa mga taong ipinanganak na may cervix ay dapat magsimulang magpasuri sa edad na 21. Nag-iiba ang pagsusuri sa kanser sa cervix ayon sa panganib. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa kung aling pagsusuri ang angkop para sa iyo.

Si Dr. Colleen Townsend ay isang medikal na direktor sa Partnership HealthPlan of California. ♦

Mga Video ng Edukasyong Pangkalusugan

Mas madali na ngayon kaysa dati na matuto tungkol sa iyong planong pangkalusugan, ang Partnership! May mga video kami sa YouTube na tumutulong sa pagsagot sa mga tanong na maaaring mayroon ka.

Noong 2022, sinimulan ng Partnership ang paggawa ng mga video na tumutulong na ipaliwanag kung sino kami at kung ano ang inaalok namin sa aming mga miyembro. Ang ilan sa mga paksa ay, “Sino ang Partnership?” “Aking Partnership ID Card,” at “Pagpapalano ng Pamilya.” Ang isa pang video na, “Paano Maghain ng Karaingan o Apela,” ay nagpapakita sa iyo kung paano magsalita kung may problema ka sa iyong pangangalaga. Nagtuturo ito sa iyo kung paano maghain ng reklamo at kung ano ang gagawin kung kailangan mo ng higit pang tulong. Marami pang video ang paparating.

Tiniyak naming mapapanood ng kahit sino ang mga video na ito. Maaaring panoorin ang mga video sa iba't ibang mga wika, na may mga subtitle, at hinahayaan ka ng YouTube na baguhin ang bilis ng video. Isa ito sa maraming mga paraan na ginagawa namin sa Partnership sa abot ng aming makakaya upang gawing madaling gamitin ang iyong pangangalagang pangkalusugan. ♦



I-scan ang QR code para sa higit pang impormasyon.



Bagong Programa sa Pangangalaga sa Diabetes ng TeleMed2U

Ang pamamahala sa diabetes ay maaaring maging mahirap kung minsan. Nais naming gawing mas madali ang paglalakbay na ito para sa iyo. Gumawa ang TeleMed2U ng isang programa para sa mga miyembro ng Partnership na nakatuon sa pagtulong sa iyong makontrol nang mas mahusay ang iyong diabetes.

Sino ang maaaring sumali sa programang ito?

Ang programang ito ay para sa mga miyembro ng Partnership na may type 1 o type 2 na diabetes na 18 taong gulang at mas matanda.

Mga Direktang Miyembro:

Kung ikaw ay isang Direktang Miyembro, hindi mo kailangan ng referral. Maaari mong tawagan ang TeleMed2U sa **(855) 446-8628** o bisitahin ang www.telemed2u.com/ at i-click ang “Mag-book ng Appointment.”

Kung hindi ka isang Direktang Miyembro, humingi ng referral sa iyong doktor.

Ano ang mga benepisyo ng programa?

- Maaaring maging kwalipikado ka para sa mga supply para matulungan kang subaybayan ang iyong blood sugar sa pagitan ng mga pagbisita sa doktor

- Pagtuturo tungkol sa kalusugan
- Isang plano ng paggamot na para lang sa iyo (kabilang ang mga iniresetang gamot kapag kinakailangan)
- Madaling access sa mga doktor ng TeleMed2U

Paano sumali sa programang ito?

Para sa higit pang impormasyon, tawagan ang TeleMed2U sa **(855) 446-8628** o bisitahin ang kanilang website sa www.telemed2u.com/. Maaari mo ring tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Partnership sa **(800) 863-4155** para sa higit pang impormasyon. Maaaring tumawag ang gumagamit ng TTY sa **(800) 735-2929** o **711**. ♦



Panatiliing Malusog ang Ngiti ng Iyong Anak. Humingi ng Fluoride Varnish!

Bahagi ng pangkalahatang kalusugan ng iyong anak ang mabuting kalusugan ng ngipin. Ang pagkabulok ng ngipin (mga cavity) ay ang pinakakaraniwang malubhang sakit na nakukuha ng mga bata sa Estados Unidos. Maaaring maging sanhi ng pananakit at impeksyon ang mga cavity. Mapipigilan ng pagkuha ng fluoride varnish para sa iyong anak ang 1 sa 3 kaso ng pagkabulok ng ngipin sa kanilang baby teeth. Matagal-tagal na kailangan ng mga bata ang kanilang baby teeth bago tumubo ang kanilang adult teeth.

Ang fluoride varnish ay isang paggamot sa ngipin na makakatulong na pigilan ang pagkabulok ng ngipin, pabagalin ito, o pahintuin ang paglala nito. Mabilis at ligtas na hakbang ito na maaaring gawin ng mga doktor at dentista para sa mga bata. Ang fluoride varnish ay ipinapahid sa harap at gilid ng bawat ngipin gamit ang maliit na brush. Hindi ito masakit kapag inilagay ang varnish sa ngipin ng iyong anak.

Kasama sa mabuting kalusugan ng ngipin ang:

- Pagsesepilyo ng mga ngipin ng iyong anak dalawang beses sa isang araw gamit ang fluoride toothpaste
- Pagpo-floss ng mga ngipin ng iyong anak isang beses sa isang araw
- Pagdadala ng iyong anak sa dentista dalawang beses sa isang taon
- Pagbibigay sa iyong anak ng mga prutas at gulay sa halip na matatamis na pagkain
- Paghiling ng fluoride varnish sa panahon ng mga pagbisita sa isang doktor at/o dentista

Saklaw na benepisyo ng Partnership ang fluoride varnish mula sa unang ngipin ng iyong anak hanggang sa edad na 6. Para sa mga tanong, tawagan kami sa **(800) 863-4155**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa California Relay Service sa **(800) 735-2929** o **711**. ♦

Mayroon Ka Bang Iba Pang Saklaw Sa Kalusugan?

Kung mayroon kang isa pang insurance sa kalusugan (gaya ng Medicare), o saklaw sa pamamagitan ng iyong katrabaho o kapamilya (sa isang kompanyang gaya ng Blue Cross of California, Blue Shield of California, o Health Net), dapat kang kumuha muna ng iyong pangangalagang saklaw ng iyong “pangunahing” insurance. Tinatawag itong Koordinasyon ng mga Benepisyo. Ang Medi-Cal ang “tagapagbayad na huling paraan” ayon sa batas ng estado at pederal. Ibig sabihin nito, hindi mababayaran ng Medi-Cal ang iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan kung mababayaran muna ito ng isa pang plano ng insurance. Hindi babayaran ng Partnership ang pangangalagang pangkalusugan maliban kung binayaran ng iyong pangunahing insurance ang kanilang bahagi, o kung tinanggihan ng pangunahing insurance ang pangangalagang pangkalusugan bilang isang saklaw na benepisyo.

Mayroon kaming mga serbisyo para tulungan kang pamahalaan ang iyong pangangalagang pangkalusugan nang wala kang babayaran. Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa kung paano nakikipagtulungan ang Medi-Cal sa iyong ibang insurance, tumawag sa Partnership sa **(800) 863-4155**. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **(800) 735-2929** o **711**.

Para mag-ulat ng mga pagbabago sa iyong pangunahing insurance, mangyaring tumawag sa Partnership at gawin ang isa sa mga bagay sa ibaba:

- Tumawag sa iyong lokal na tanggapan ng Medi-Cal ng county
- Tumawag sa Department of Health Care Services (DHCS) sa **(800) 541-5555**
- Gamitin ang website sa ibaba upang iulat ang iyong pagbabago sa DHCS: www.dhcs.ca.gov/services/Pages/TPLRD_OCU_cont.aspx ◆



Survey sa Karanasan ng Miyembro

Gusto ng Partnership HealthPlan of California na tulungan ang aming mga miyembro at ang mga komunidad na aming pinaglilingkuran na maging malusog. Paano ka mas mapaglilingkuran ng Partnership?

Sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyo.

Kinukumpleto ng ilang miyembro ng Partnership bawat taon ang Survey sa Karanasan ng Miyembro. Tinatanong ng survey ang tungkol sa planong pangkalusugan, pangangalagang pangkalusugan, at pangkalahatang karanasan ng miyembro. Ginagamit namin ang survey na ito upang gumawa ng mga pagbabago na magpapabuti sa pag-access sa pangangalaga at mapabuti ang karanasan ng aming mga miyembro.

Kung makatanggap ka ng survey mula sa Partnership, mangyaring kumpletuhin ito. Hindi alam sa Partnership ang iyong pagkakakilanlan. Naipapalam ng mga tapat na sagot sa Partnership kung ano ang ginagawa naming tama at kung ano ang kailangan pahasayin.

Kung may mga tanong ka o gusto mong ipaalam sa amin ang iyong karanasan bilang miyembro ng Partnership, tawagan kami sa **(800) 863-4155**. Narito kami para tumulong.

Mahalaga ang opinyon mo. Kapag mas may alam kami, mas magagawa naming maglingkod. Magtulungan tayo para makagawa ng positibong pagbabago. ◆



Tumawag sa Pagsasaayos ng Pangangalaga kapag kailangan mo ng tulong sa pagkuha ng pangangalaga. Ang numero ng telepono ay **(800) 809-1350**, Lunes – Biyernes 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa California Relay Services sa **(800) 735-2929** o tumawag sa **711**. Makakahanap ka rin ng impormasyon tungkol sa departamento ng CC sa aming website sa PartnershipHP.org/MembersTagalog/Pages/Pamamahala-ng-Kaso.aspx. ♦

Ano ang Pagsasaayos ng Pangangalaga?

May departamento ang Partnership na tumutulong sa mga miyembro sa lahat ng edad. Tinatawag ang departamentong ito na Pagsasaayos ng Pangangalaga (Care Coordination, CC). Tinutulungan ka ng departamento ng CC na makahanap ng mga doktor, serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, mapagkukunan, at iba pang benepisyo. Ikinokonekta ka nila sa pangangalagang kailangan mo. At kung nakakonekta ka na sa pangangalaga, tumutulong ang departamento ng CC na pahusayin ang pag-uugnay ng pangangalagang iyon sa pagitan mo, ng iyong mga provider at/o tagapag-alaga.

Makakatulong sa iyo ang Pagsasaayos ng Pangangalaga sa mga bagay tulad ng:

- Pagkuha ng pangangalaga sa doktor o espesyalista
- Pag-alis sa ospital at pag-uwi ng bahay
- Mga alalahanin sa kalusugan
- Pagkuha ng mga medikal na pagsusuri o kagamitan
- Mga gamot

Buwanang Pagpupulong sa Partnership

Bukas sa publiko ang ilang sa buwanang pagpupulong ng Partnership. Kabilang sa mga pagpupulong na ito ang aming mga miyembro ng lupon, tauhan, provider, at miyembrong katulad mo. Kung gusto mong pumunta sa isa sa mga pagpupulong na ito, tawagan kami sa **(800) 863-4155**. Ipapaalam namin sa iyo kung kailan at saan ginaganap ang mga pulong na ito. ♦

Taunang Pahayag ng Pagsisiwalat

Kinikilala ng Partnership na maaaring hindi gaanong nagagamit ang pangangalaga at mga serbisyo, at nagsasagawa ito ng mga hakbang upang ma-screen ang mga ito. Ang mga pasyang ginawa ng Partnership ay batay sa pagiging angkop ng pangangalaga at kung may saklaw. Ang Partnership ay hindi nagbibigay ng anumang uri ng pagbabayad, insentibo, o gantimpala sa mga provider, consultant, o tauhan upang tanggihan ang mga medikal na naaangkop na serbisyo sa mga miyembro o upang tanggihan ang coverage. ♦





Mga Serbisyo sa Transitional na Pangangalaga (Transitional Care Services, TCS) para sa mga Buntis na Babae

May pamamahala ng kaso ang Partnership para sa mga buntis na may mga pananatili sa ospital.

Sa panahon ng mga pananatili sa ospital, maaari mong malaman na mayroon kang isang bagong problemang pangkalusugan. Kung mangyari iyon, maaaring kailanganin mo ang bagong gamot. Maaaring mag-alok ng suporta ang TCS.

Maaaring tumawag sa iyo ang isang nars sa panahon ng iyong pananatili sa ospital. Makakatulong ang nars sa pagsagot sa mga tanong. Maaari ka rin nilang ikonekta sa mga mapagkukunan. Kakausapin ka ng iyong nars tungkol sa mga pangunahing paksa tulad ng:

- Pananatili mo sa ospital
- Pagtanggap ng pangangalaga
- Pagkain at nutrisyon
- Kalusugan sa pag-iisip
- Paggamit ng substansya
- Mga pagbisita para maiwasan ang pagkakasakit para sa iyo
- Mga pagbisita para sa kapakanan ng bata para sa iyong sanggol

- Ang iyong mga problemang pangkalusugan
- Mga gamot na iniinom mo

Kakausapin din ng nars ang mga doktor mo. Tutulungan ka nilang mag-iskedyul ng pagbisita sa doktor kapag nakauwi ka na. Napakahalaga ng pagpapatingin sa iyong doktor pagkatapos ng isang pananatili sa ospital.

Makipag-usap sa iyong nars kung nahihirapan kang makapunta sa iyong mga pagbisita sa doktor. Ang iba pang bagay na maaaring maitulong ng TCS ay ang:

- Suporta sa telepono upang makatulong sa pagpapanatili ng iyong kalusugan
- Pagtatakda at pag-abot ng mga mithiin sa pangangalaga ng kalusugan
- Pagkonekta sa iyo sa mga mapagkukunan sa komunidad
- Pagpapalano ng iyong pangangalaga para sa hinaharap
- Pag-alam tungkol sa iyong mga benepisyo
- Pagpunta sa iyong mga pagbisita sa doktor

Kung nagkaroon ka ng pananatili sa ospital o gusto mong malaman ang higit pa tungkol sa TCS, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa **(800) 809-1350**. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa California Relay Service sa **(800) 735-2929** o **711**. ♦

Medi-Cal Managed Care Ombudsman

Maaari mong tawagan ang tanggapan ng Department of Health Care Managed Care Ombudsman sa **(888) 452-8609**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m., kung mayroon kang anumang mga katanungan o reklamo tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan. ♦



Pagpapanatiling Ligtas ang Mga Bata sa tulong ng Bakuna laban sa HPV

Gustong ingatan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa napakaraming alalahaning pangkalusugan. At oo, isa sa mga ito ang kanser.

Ang human papillomavirus (HPV) ay isang virus na naipapasa nang tao sa tao habang nakikipagtalik. Napakakaraniwan nito at nakakaapekto ito sa humigit-kumulang na 13 milyong tao bawat taon. Mas malubha kumpara sa iba ang ilang uri ng HPV – pinupuntirya ng bakuna laban sa HPV ang mga uri ng HPV na maaaring magdulot ng kanser.

Nakakaapekto ang HPV sa parehong mga lalaki at babae, at maaaring maging sanhi ng kanser sa:

- Cervix (isang maliit na bahaging nag-uugnay sa matris at vagina)
- Vagina
- Vulva (ang mga bahagi sa labas ng ari ng babae)
- Oropharynx (dila, bubong ng bibig, mga tonsil, at lalamunan)
- Ari ng lalaki
- Tumbong o butas ng puwit

Ginagamit na ang bakuna laban sa HPV sa loob ng halos 20 taon, na may higit sa 270 milyong dosis na ibinigay sa buong mundo. Napatunayang ligtas at mabisa ito sa pag-iwas sa kanser.

Ang pagkuha ng bakuna sa pagitan ng edad na 9 at 12 taon ay nagbibigay ng pinakamahusay na depensa laban sa HPV. Hindi lang ito nagbibigay ng pinakamahusay na proteksyon sa mas batang edad, pinakamahusay din kapag ibinigay ang bakuna bago magsimula ang anumang sekswal na aktibidad. Kung hindi ito nakuha, maaari pa ring ibigay sa sinuman ang bakuna laban sa HPV hanggang sa 26 na taong gulang.

Dapat na bahagi ng plano ng bawat magulang ang pag-iwas sa kanser sa tulong ng bakuna laban sa HPV. Makipag-usap sa doktor ng iyong anak tungkol sa mga bakuna laban sa HPV. ♦



Nag-aalok ang Partnership ng Mga Serbisyo ng Interpreter at Pagsasalin

May mga serbisyo ng interpreter ang Partnership para sa aming mga miyembro nang walang bayad sa iyo o sa iyong doktor. Hindi mo kailangan ang iyong mga anak, kaibigan, o miyembro ng pamilya na mag-interpret para sa iyo.

Kapag tumawag ka sa aming Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro, humingi ng interpreter at sabihin sa amin ang wikang kailangan mo. Kung may kapansanan ka sa pandinig, maaari ka ring kumuha ng interpreter o mga serbisyo kapag kailangan mong makipag-usap sa mga tauhan ng Mga Serbisyo sa Miyembro, Mga Claim, Pamamahala ng Paggamit, Pamamahala sa Kalusugan ng Populasyon, Pagsasaayos ng Pangangalaga, Karaingan at Mga Apela, o Mga Serbisyo sa Transportasyon.

Maaari kang magkaroon ng interpreter sa iyong mga pagpapatingin sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang kwalipikadong interpreter ng sign language. Maaari kang makakuha ng mga serbisyo ng interpreter sa telepono, video, o nang personal. Para makakuha ng personal na interpreter, mangyaring tumawag sa amin nang hindi bababa sa 3 araw ng trabaho bago ang iyong pagpapatingin.

Isinasalin ng Partnership ang lahat ng materyales ng aming miyembro sa Spanish, Russian, at Tagalog. Mangyaring tawagan kami kung kailangan mo ng mga materyales sa ibang wika. Maaari ka ring humingi ng mga materyales sa malalaking titik, braille, o audio.

Ipaalam sa amin kung hindi pa natutugunan ang iyong mga pangangailangan sa wika. May karapatan kang maghain ng reklamo o apela. Maaari mong malaman kung paano ito gawin sa website ng Partnership na Partnershiphp.org/MembersTagalog. Pumunta sa “Members (Mga Miyembro)” at i-click ang “File a Grievance or Appeal (Maghain ng Karaingan o Apela)” na matatagpuan sa ilalim ng “Services Available Online (Mga Serbisyonang Available Online).”

Para malaman ang higit pa tungkol sa mga serbisyonang ito o maghain ng reklamo o apela, mangyaring tawagan kami sa **(800) 863-4155**. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa **(800) 735-2929** o 711. ♦

Makakakuha na Ngayon ng Mga Serbisyo mula sa Dignity Health ang Mga Miyembro ng Partnership

Simula noong Hunyo 1, 2024, ang Partnership HealthPlan of California at Dignity Health ay may bagong kontrata. Ang mga miyembro ng Partnership ay makakakuha ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa mga provider at klinika ng Dignity Health sa mga county ng Nevada, Shasta, Siskiyou, Tehama, at Yolo.

Narito ang kailangan mong malaman:

- Maaari kang pumili ng doktor sa Dignity Health para sa iyong mga pangangailangan para sa pangunahing pangangalaga. Kung gusto mong bumalik sa iyong huling provider ng pangunahing pangangalaga sa Dignity Health, tawagan ang Partnership sa **(800) 863-4155**.
- Ang mga pagbisita sa iyong mga lokal na ospital, sentro ng operasyon, hospisyo, at serbisyo ng daycare na para sa matatanda ng Dignity Health ay maaari nang saklawin ng Partnership. Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong provider upang malaman ang higit pa.
- Kung hindi ka kaagad matitingnan ng kasalukuyan mong doktor habang naghihintay na mailipat sa isang doktor sa Dignity Health, tawagan ang Partnership sa **(800) 863-4155** para sa tulong.

Bisitahin ang aming website sa PartnershipHP.org/MembersTagalog para makakita ng higit pang mapagkukunan gaya ng Handbook ng Miyembro, Direktoryo ng Provider, o ang iyong Mga Karapatan at Responsibilidad.

Narito kami upang tulungan ka. Kung mayroon kang anumang tanong o alalahanin, kabilang ang mga kasalukuyang nakaiskedyul na serbisyo, tawagan kami sa **(800) 863-4155**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaaring tawagan ng mga gumagamit ng TTY ang California Relay Service sa **(800) 735-2929** o tawagan ang 711. ♦



Mabuti para sa iyong kalusugan ang pagpunta sa mga pagbisitang ito. Tinutulungan ka nila at ang iyong doktor na maunawaan ang isa't isa at pag-usapan kung paano maabot ang iyong mga layunin sa kalusugan.

Pangasiwaan ang iyong kalusugan. Siguraduhing iiskedyul ang iyong Paunang Appointment sa Kalusugan. ◆

Ano ang Paunang Appointment sa Kalusugan?

Dapat magpatingin ang bawat bagong miyembro sa kanilang doktor sa loob ng 120 araw mula sa pagsali sa Partnership. Tinatawag namin itong unang pagbisita na Paunang Appointment sa Kalusugan.

Kabilang sa Paunang Appointment sa Kalusugan ang:

- Isang eksaminasyon sa buong katawan at checkup sa kalusugan ng pag-iisip
- Pag-alam tungkol sa mga panganib sa kalusugan at kung paano manatiling malusog
- Mga pag-screen sa kalusugan o bakuna na maaaring kailanganin mo
- Paggawa ng iyong plano sa pangangalaga

Ito ang mahusay na oras upang makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa iyong kalusugan at anumang mga alalahanin na maaaring mayroon ka. Pakikinggan ng iyong doktor ang mga pangangailangan mo, titingnan ang iyong kasaysayan ng kalusugan, at magpapasya kung anong pangangalaga ang kailangan mo.

Mga Serbisyo sa Laboratoryo



Nakikipagkontrata ang Partnership at ilan sa aming mga doktor sa mga partikular na laboratoryo para sa mga serbisyo. Kapag ini-refer ka ng iyong doktor para sa mga pagte-test sa laboratoryo, tiyaking tanungin sila kung aling laboratoryo ang dapat mong gamitin. Kung hindi alam ng iyong doktor, maaari mo kaming tawagan anumang oras sa **(800) 863-4155**. ◆





Mga Kinatawan ng Consumer ng Partnership

Kung gusto mong magkaroon ng epekto sa pangangalagang pangkalusugan sa iyong komunidad, inaanyayahan ka naming sumali sa Lupon ng mga Komisioner ng Partnership bilang kinatawan ng consumer. Sa posisyong ito, ikaw ang magiging boses para sa rehiyong iyong tinitirahan. Mayroon kaming 3 bukas na posisyon ng kinatawan ng consumer.

Para sumali, kailangan mong:

- Maging isang kwalipikadong miyembro ng Partnership o kumatawan sa isang kwalipikadong miyembro ng Partnership.
- Kumpletuhin ang aplikasyon bago ang deadline.
- Makadalo sa 6 na pagpupulong ng lupon bawat taon, sa loob ng 2 taon.
- Magawang magbigay ng mga harapang update tungkol sa mga pulong ng lupon ng Partnership sa mga pulong ng Consumer Advisory Committee ng Partnership na ginaganap 4 na beses kada taon. PartnershipHP.org/About/Pages/Board-Materials.aspx

Kung mayroon kang anumang tanong, tawagan kami sa **(800) 863-4155**. Maaari ka ring magpadala sa amin ng email sa CAC@partnershiphp.org. ♦

Benepisyong Manggagawa ng Kalusugan sa Komunidad

Nag-aalok ngayon ang Partnership ng benepisyong manggagawa ng kalusugan sa komunidad para sa aming mga miyembro – mga nasa hustong gulang at bata. Tumutulong ang mga manggagawa ng kalusugan sa komunidad na suportahan ang iyong kalusugan at mga miyembro sila ng iyong sariling komunidad. Matutulungan ka nila online, nang personal, o sa pamamagitan ng telepono.

Ano ang magagawa ng manggagawa ng kalusugan sa komunidad?

- Suportahan ang iyong kalusugan ng katawan at isip
- Ikonekta ka sa mga serbisyong pangkomunidad at pangangalagang pangkalusugan
- Tulungan kang mag-navigate sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan
- Magbigay ng mga survey sa kalusugan
- Turuan ka kung paano makakuha ng tulong na kailangan mo

Paano ako makakakuha ng manggagawa ng kalusugan sa komunidad?

Kakailanganin mo ng referral mula sa iyong doktor. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa kung paano ka makakakuha o ang iyong anak ng isang manggagawa ng kalusugan sa komunidad. Libre para sa mga miyembro ang benepisyong ito.

Narito ang Partnership para tumulong.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa aming Departamento sa Kalusugan ng Populasyon sa **(855) 798-8764**, Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Maaaring tawagan ng mga gumagamit ng TTY ang California Relay Service sa **(800) 735-2929** o **711**. ♦

ABISO NG WALANG DISKRIMINASYON

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sinusunod ng Partnership HealthPlan of California ang mga batas sa mga karapatang sibil ng estado at pederal. Ang Partnership ay hindi labag sa batas na gumagawa ng diskriminasyon, nagtatangi ng mga tao, o tinatrato sila nang kakaiba dahil sa sekso, lahi, kulay ng balat, relihiyon, lipi, bansang pinagmulan, kaugnayan sa etnikong grupo, edad, kapansanan sa pag-iisip, kapansanan ng katawan, medikal na kalagayan, impormasyon ng henetiko, katayuan ng kasal, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o seksuwal na oryentasyon.

Nagbibigay ang Partnership ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga tao na may mga kapansanan upang tulungan silang makipag-ugnayan nang mas mabuti, tulad ng:
 - ✓ Mga kuwalipikadong interpreter ng wikang pasensyas
 - ✓ Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malalaking letra, audio, mga naa-access na elektronikong format, iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
 - ✓ Mga kuwalipikadong interpreter
 - ✓ Impormasyon na nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan ninyo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Partnership sa pagitan ng 8 a.m. – 5 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 863-4155. Kung hindi kayo makarinig o makapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa (800) 735-2929 o California Relay 711. Kapag hiniling, gagawing available para sa inyo ang dokumentong ito sa braille, malalaking letra, audiocassette, o elektronikong anyo. Upang kumuha ng kopya sa isa sa mga alternatibong format na ito, mangyaring tumawag o sumulat sa:

Partnership HealthPlan of California
4665 Business Center Drive, Fairfield, CA 94534
(800) 863-4155
(800) 735-2929 o California Relay 711

PAANO MAGSAMPA NG KARAINGAN

Kung naniniwala kayo na nabigo ang Partnership na maibigay ang mga serbisyong ito o labag sa batas na nagtangi sa isa pang paraan batay sa sekso, lahi, kulay ng balat, relihiyon, lipi, bansang pinagmulan, kaugnayan sa etnikong grupo, edad, kapansanan ng pag-iisip, kapansanan ng katawan, medikal na kalagayan, impormasyon ng henetiko, katayuan ng kasal, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o seksuwal na oryentasyon, maaari kayong magsampa ng karaingan sa isang Coordinator ng mga

Karapatang Sibil ng Partnership. Maaari kayong magsampa ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat, sa personal, o sa elektronikong paraan:

- Sa telepono: Makipag-ugnayan sa mga Serbisyo sa Miyembro ng Partnership sa pagitan ng 8 a.m. – 5 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 863- 4155. O, kung hindi kayo makarinig o makapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa (800) 735-2929 o California Relay 711.
- Sa pagsulat: Sagutan ang form ng reklamo o sumulat at ipadala ito sa:
Partnership HealthPlan of California
Attn: Grievance: Partnership Civil Rights Coordinator
4665 Business Center Drive
Fairfield, CA 94534
- Sa personal: Bisitahin ang opisina ng inyong doktor o Partnership at sabihin na gusto ninyong magsampa ng karaingan.
- Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang website ng Partnership sa <https://partnershiphp.org>.

OPISINA NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN NG CALIFORNIA

Maaari din kayong magsampa ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Kalusugan, Opisina ng mga Karapatang Sibil sa telepono, sa pagsulat, o elektronikong paraan:

- Sa telepono: Tumawag sa **916-440-7370**. Kung hindi kayo makarinig o makapagsalita nang mabuti, mangyaring tumawag sa **711(Telecommunications Relay Service)**.
- Sa pagsulat: Sagutan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:
**Deputy Director, Office of Civil Rights
Department of Health Care
Services Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413**
Makukuha ang mga form ng reklamo sa http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx.
- Sa elektronikong paraan: Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

OPISINA NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG KALUSUGAN AT MGA SERBISYONG PANTAO NG U.S.

Kung naniniwala kayo na kayo ay itinangi batay sa inyong lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari din kayong magsampa ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao ng U.S., Opisina ng mga Karapatang Sibil sa telepono, sa pagsulat, o elektronikong paraan:

- Sa telepono: Tumawag sa **1-800-368-1019**. Kung hindi kayo makapagsalita o makarinig nang mabuti, mangyaring tumawag sa **TTY/TDD 1-800-537-7697**.
- Sa pagsulat: Sagutan ang form ng reklamo o magpadala ng sulat sa:

**U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201**

Makukuha ang mga form ng reklamo sa
<http://www.hhs.gov/ocr/office/file/index.html>.

- Sa elektronikong paraan: Bisitahin ang Portal ng Reklamo ng Opisina ng mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf>.

TAGLINES

English Tagline

ATTENTION: If you need help in your language call 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). These services are free of charge.

الشعار بالعربية (Arabic)

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة برايل والخط الكبير. اتصل بـ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն պիտակ (Armenian)

ՈՒ ՀԱՂՐՈՒԻ ԹՅՈՒՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Չանզահարեք 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929): Այդ ծառայություններն անվճար են:

ប្រាសាទសំខេមបូឌី (Cambodian)

ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរធំ សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

简体中文标语 (Simplified Chinese)

请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)。我们另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如盲文和大字体阅读，提供您方便取用。请致电 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)。这些服务都是免费的。

فارسی زبان به مطلب (Farsi)

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود کمک دریافت کنید، با 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود است. با 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

हिंदी टैगलाइन (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।

Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語表記 (Japanese)

注意日本語での対応が必要な場合は 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929)へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

한국어 태그라인 (Korean)

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ແຫກໄລພາສາລາວ (Laotian)

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ແລ້ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມີໂຕພິມໃຫຍ່ໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງສະຍາຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.

Mien Tagline (Mien)

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hlou mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). ਅਪਾਰਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

Русский слоган (Russian)

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру 1-800-863-4155 (линия ТТУ: 1-800-735-2929). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру 1-800-863-4155 (линия ТТУ: 1-800-735-2929). Такие услуги предоставляются бесплатно.

Mensaje en español (Spanish)

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Estos servicios son gratuitos.

Tagalog Tagline (Tagalog)

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Libre ang mga serbisyong ito.

แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Примітка українською (Ukrainian)

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Ці послуги безкоштовні.

Khẩu hiệu tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số 1-800-863-4155 (TTY: 1-800-735-2929). Các dịch vụ này đều miễn phí.



PRSR STD
U.S. POSTAGE
PAID
SACRAMENTO, CA
PERMIT NO. 1849

P.O. Box 15557
Sacramento, CA 95852-5557

(800) 863-4155 (800) 735-2929 (TTY/TDD)

PartnershipHP.org

TAG-INIT 2024



**Partnership HealthPlan
of California**
*– ang Iyong Partner
sa Kalusugan*